

Sa Pinakamamahal Kong Ina

Ni: Naseem Ghazi



يا اي حبیبہ

غير المسلمين

Sa Pinakamamahal Kong Ina

Ni: Naseem Ghazi

ای کی کی



Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinakamaawain, Ang Pinakamahabagin

Panimula ng may-akda

Sinulat ko ang liham na ito halos 20 taon na ang nakaraan habang ako ay nag-aaral sa isang relihiyosong paaralan na tinatawag na Jamiyatul Falah, Bileria Gunj (distrito ng Azam Garh). Paminsan-minsan ay nakagawian kong umuwi at umalis ng tahanan.

Lampas sa aking imahinasyon na ako ay magiging mapalad na yakapin ang Islam. Bago ko pinasok ang Islam, ako ay isang Hindu mula sa pamilyang Agarwal. Siyam na taong gulang ako nang pumanaw ang aking ama. Pagkatapos ng kanyang kamatayan, ang aking kuya ang tumayong pinuno ng pamilya. Dahil sa kanyang pagpapaubaya ay nakuha ko ang kanyang pagtataguyod at ang kanyang pagbibigay lakas-loob at pag-asa.

Subalit ang aking ina ay hindi nagustuhan ang aking pagiging Muslim at anumang kaalaman ko tungkol sa Islam at kahit na madalas ko siyang dalawin. Ang aking maalab na pagnanais ay para sa kanya upang maging isa sa mga tagasunod ng pinakamalaking relihiyon sa lupa. Ngunit ang kanyang pagnanais ay kabaligtaran ng aking pagnanais. Siya ay nagnanais na umalis ako sa relihiyong ito sa lalong madaling panahon at balikan ko ang dating relihiyon. Ngunit ang pagnanais niyang ito ay may dahilan - ang dakilang pagmamahal niya sa akin. Kaya masama ang kanyang





loob sa aking pagtanggap ng Islam. Ang ganitong pag-uugali ay inaasahan at karaniwan lamang sa dahilang wala siyang kaala-alam tungkol sa Islam.

Ang buhay ng mga Muslim sa India ay hindi lamang naiiba ngunit kung minsan ay nakakaistorbo dahil sa katotohanan na ang kanilang mga paniniwala at mga kaugalian ay hindi katulad ng mga kaugalian ng ibang mga naninirahan sa India. Kaya ang Islam ay walang lugar sa kanyang puso. Siya ay nag-aalala tungkol sa akin at dagdag pa doon, ang ilan ay nag-uudyok sa kanya sa maraming paraan.

Ipinahiwatig ko ang ilan sa kanila sa sulat na ito.

Sinubukan kong alisin sa kanya ang mga maling pananaw at mga pag-aalinlangan tungkol sa Islam sa abot ng aking kakayahan at sinubukan kong isalarawan sa kanya ang mga katuruan ng Islam. Paminsan minsan, kami ay may harap-harapang talakayan habang sa ibang mga panahon naman, kami ay nag-uugnayan sa pamamagitan ng mga sulat.

Noong ako ay ipinanganak, ang mga **Guru** (Ispirituwal na lider sa relihiyong Hinduism) ng aming pamilya ay maraming nasabing mga bagay tungkol sa akin sa aking ina, isa dito ay: **“Ang iyong anak kailanman ay hindi mo masasarili.”** Nang niyakap ko ang Islam, naramdaman niya na ang hula ng Guru ay nagkatotoo. Dahil doon, ipinaalala niya sa akin ang kanyang mga hula at binalaan ako at pinagsumikapan niyang mailayo ako sa Islam.



Inakala niya na walang magandang umiiral sa Islam at na ang kanyang anak ay nahulog sa patibong ng mga **Imam/Sheikh** (espirituwal na lider sa relihiyong Islam). At ito ay naiukit na sa kanyang kaisipan. Sa pamamagitan ng sulat na ito, sinubukan kong burahin ang kanyang mga maling pananaw tungkol sa Islam at inanyayahan ko siya patungo sa Tamang Landas - ang landas ng Islam.

Ang aking layunin ay hindi lamang upang alisin ang kanyang maling pag-aakala tungkol sa akin ngunit upang ipaliwanag din sa kanya ang katotohanan tungkol sa Islam, upang harinawa ay tanggapin niya ito at makapasok siya sa Paraiso at mailigtas siya mula sa pagdurusa sa Apoy ng Impiyerno.

Pagkatapos niyang mabasa ang sulat na ito, ang kanyang masidhing pagkalaban sa Islam ay nabawasan ngunit hindi pa siya handa upang iwanan ang relihiyon ng kanyang mga ninuno. Madalas ko siyang ipagdasal kay Allah na buksan ang mga pintuan ng kanyang puso sa tunay na relihiyon.

Pagkatapos ng 3 taon na walang-patid na talakayan at mga sulatan, ay ipinagkaloob sa kanya ni Allah ang Kanyang Pagkahabag at siya ay iginabay patungo sa Islam. Siya ay nagsisisi sa kanyang mga nagdaang pag-uugali tungkol sa Islam. Sa ngayon, ang aking ina ay nasisiyahan at matatag sa landas ng Islam. Bago siya yumakap sa Islam, pinag-aralan niya ang salinwika ng banal na Qur'an ng ilang ulit at ngayon ang kanyang maalab na pagnanais ay upang ihatid ang mensahe ng Quran sa lahat ng sangkatauhan. Nais din niyang maunawaan ng mga tao ang mga





katuruan ng Qur'an at sundin ito ng maayos at alisin ang mga maling paniniwala na nakaukit sa kanilang mga kaisipan. Nais din niyang ipalaganap ang mga katuruan ng Islam sa mga karaniwang tao.

Kahit na ito ay pansariling sulat ay umaasa ako na sa pagpapalimbag nito ay maaring makapagbigay ng gabay sa mga naghahanap ng katotohanan. Ako ay nanalangin kay Allah na igabay tayo sa Tamang Pananampalataya at gawin Niya tayong matibay hanggang sa abutin tayo ng kamatayan, at sana ay mamatay tayong mga Muslim pa rin. Amin.

Naseem Ghazi

1980




Sa Pinakamamahal Kong Ina,

Kapayapaan sa sinuman na sumusunod sa tunay na patnubay.

Umaasa ako na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ikaw ay nasa mabuting kalagayan. Natanggap ko ang iyong alaala ng pagmamahal ngunit dahil sa ilang hindi inaasahang pangyayari ay hindi ako nakasagot kaagad. Ako ay humihingi ng paumanhin dahil dito.

O Inay! Alam ko na palagi kang nag-aalala tungkol sa akin at gusto kong malaman mo na ako ay nag-aalala rin tungkol sa iyo at hindi ko kailanman makakalimutan ang iyong pagmamahal para sa akin. Pakiramdam ko na ang ating paghihiwalay ay kasintulad ng isda na hindi mapalagay kapag naubusan na ito ng tubig. Pakiramdam ko ay gusto kong lumipad patungo sa iyo sa mga sandaling ito ngunit ang pag-aaral ng aking relihiyon ang siyang nagtali sa akin sa mga kadena. Kung hindi lamang sa aking pag-aaral ng aking relihiyon, hindi sana ako malayo mula sa lilim ng iyong paghanga at pagmamahal. Ang kaalaman sa relihiyon ay napakahalaga at kinakailangan, at tanging ito ang nag-iisang dahilan na matiis ko ang aking pangungulila sa iyo. Palagi kitang naaalala at ang iyong mga pangangalaga na ibinigay mo mula pa noong ako ay dumating sa mundong ito. Kahit na sundin ko lahat ang iyong mga utos at tuparin ko ang bawat naisin mo, hindi ko pa rin kayang bayaran ni katiting ang lahat ng nagawa mo para sa akin.

Madalas kong marinig sa iyo: **“Nawala ko ang aking anak”** o **“Ang mga Imam ay ihiniwalay ang**





aking paboritong anak mula sa akin” o “Ang hula ng Guru na ang aking anak ay hindi kailanman magiging akin ay nagkatotoo.” Ang lahat ng mga ito ay gumugulo sa aking pag-iisip at hinahabol ako. Hindi ko alam kung bakit ang mga uri ng mga pag-aalinlangang ito ay naitatag sa iyong kaisipan, ni hindi ko rin alam kung anong pag-uugali ko na humantong ka sa pag-iisip tungkol sa akin na ganoon ako. Madalas kong tanungin ang aking sarili at sinubukan kong maghanap ng kasagutan, ngunit ako ay kadalasang nagtatapos sa sakit ng ulo.

Mahal kong ina! Ano kaya ang maaaring dahilan na ikaw ay nag-isip ng mga pag-aalinlangan tungkol sa akin? Marahil ang kasagutan ay na ako ay naniniwala na si Allah ang tanging nag-iisang tunay na Diyos at ako ay hindi nagtatambal ng kahit sinuman sa Kanya sa aking pagsamba at na ako ay naniniwala na si Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay ang huling mensahero ng Allah. O marahil ito ay dahilan sa ako ay nagpasya na gugulin ang aking buong buhay ayon sa mga alituntunin na itinakda ng Allah at na huwag mag-ugnay ng anumang mga kasosyo sa Kanya, upang manalangin tanging sa Kanya lamang at gawin ko Siya bilang Tagapagbigay at Tagapagtustos ko.

Sa palagay ko, sa mga kadahilanang ito ay nagduda ka na ang iyong anak ay hindi mo na nga anak (na siyang sinasabi ng mga Guru). Alam ko na nilikha tayo ni Allah at ibinigay Niya ang lahat para sa ating ikabubuhay sa mundong ito, mula sa tubig na ating iniinom hanggang sa mga damit na ating isinusuot, ang lahat ng mga ito ay ibinigay Niya.




Ang bawat kaluluwa ay makakalasap ng kamatayan at pagkatapos ng kamatayan, ang araw ay darating kung saan ang lahat ay haharap sa pagtutuos tungkol sa ating mga ginawa sa mundong ito. Sa mga taong sumunod sa landas na pinili ni Allah para sa Kanyang mga alipin ay papasok sa Paraiso at sa mga tumanggi sa Kanyang piniling landas ay tiyak na mapapahamak sa Impiyerno.

Totoo! Ito ang pagkakamaling aking nagawa. Ako ay nagpasya na makatakas mula sa Impiyerno at makapasok sa Paraiso. Ako ay nagpasya na sundin ang mga kautusan na ipinadala sa atin sa pamamagitan ng Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan). Ako ay nagpasya na isagawa ang anuman na itinagubilin ng Makapangyarihang Allah na isagawa at ako ay nagpasya na layuan anuman na ipinagbawal Niya. Iyon ay, ako ay nagpasya na maging isang Muslim.

O Inay! Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng katagang ‘Muslim?’ Ang Muslim ay nangangahulugan ng kusang pagsunod. Bilang kinahinatnan ng aking pagpapasya, aking iniwan ang lahat ng mga masamang gawain. Hindi lingid sa iyo na bago ako naging Muslim, nakaugalian ko ng magnakaw, magsinungaling, manood ng mga pelikula, pagalagala na parang walang pirmihang tahanan at trabaho; ngunit sa sandaling nagsimula na ako sa pagsasagawa ng Islam, lahat ng kasamaang ito ay naglaho.

O Inay! Alam mo ba kung paano ko naalis ang mga ito? Ang sagot ay madali lamang. Ito ay dahil ang Allah ay ipinagbawal sa atin ang pagsasagawa ng





mga ito. At kung ang Allah, ang makapangyarihan Diyos, ang Pinakamaalam, ang Pinakamarunong, ay pinagbawalan tayo sa mga ito, sino ako na magkalakas-loob na gawin ang kataliwasan.

Islam - ang relihiyon na aking niyakap ay banal na relihiyon, ito ay ang relihiyon na pinili ng Allah para sa lahat ng mga tao.

Sa relihiyong ito, matatagpuan ninuman na ang lahat ng maliliit na detalye tungkol sa buhay ay naipaliwanag. Ito ang gumagabay sa tao at sumasagot sa kanyang mga katanungan - kung paano mabuhay, kung paano magdasal, kung paano makisalamuha sa mga tao, kung paano lumahok sa pulitika, kung paano mamalakad sa mga tauhan, kung paano magsuot, kung paano kumain, kung paano matulog, kung paano gumising, kung paano at kung kailan magsalita at hindi magsalita, kung paano lumakad, kung paano mag-asawa at kung paano makitungo sa mga magulang, mga kapatid, asawa, mga kapitbahay, mga kaibigan at mga kaaway atbp. Kaya, lahat ng bagay sa lahat ng aspeto ng buhay ay ipinaliwanag ng napakalinaw ng Allah, ang Kataas-taasan.

Kaya pinili kong mabuhay ayon sa Kanyang kagustuhan na tayo ay mamuhay, at sa gayon, tungkol sa aking mga magulang, aking layunin na sundin ang Kanyang patnubay. Ang aking pag-uugali pagdating sa kanila ay dapat na naaayon sa itinuro ng Allah at ng Kanyang Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Gusto kong talakayin ng kaunti ang tungkol sa Kanyang ipinag-utos sa mga Muslim tungkol sa kanilang mga magulang.




Si Allah, ang Pinakamataas, sa maraming talata ng Kanyang Aklat, ay ipinag-utos Niya na makitungo sa mga magulang sa mga pinakamahusay na paraan. Ibig sabihin ay maging mabait sa kanilang apin, akang, magandang paraan. Siya ay nagsasabi sa atin na kailanman ay huwag silang bibigyan ng suliranin at susundin ang kanilang mga kahilingan sa pinakamapakumbabang paraan. Ito ay sa kadahilanang tayo ay napatungkulan at nagka-utang ng magandang loob para sa lahat ng kabutihang kanilang nagawa para sa atin.

Ang mga sumusunod ay katuruan din ng Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan).

Minsan ay may lalaking nagtanong sa Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan): “Anong gawain ang pinakamahusay?” Siya (ang Propeta) ay sumagot: “Ang Salah (dasal) sa kanyang takdang panahon.” Ang lalaki pagkatapos ay nagtanong: “Pagkatapos ay ano?” Siya (ang Propeta) ay sumagot: **“Kabaitan sa mga magulang.”**

May lalaking dumating kay Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) at nagsabi, **“Ako ay nanunumpa ng katapatan sa iyo para sa paglikas at Jihad, na naghahanap ng gantimpala mula sa Allah.”** Siya (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi, **“Buhay pa ba ang sinuman sa iyong mga magulang?”** Siya ay nagsabi, **“Oo, pareho silang buhay pa.”** Siya (sumakanya ang kapayapaan) pagkatapos ay nagtanong, **“Gusto mo bang makakuha ng gantimpala mula kay Allah?”** Siya ay sumagot ng pagsang-ayon. Sinabi ng Mensahero (sumakanya ang kapayapaan), **“Bumalik ka sa iyong**





mga magulang at panatilihin ang magandang pakikisama sa kanila.”

Minsan si Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi sa isang tao, **“Ang iyong mga magulang ay ang iyong Paraiso at ang iyong Impiyrno.”** Ito ay nangangahulugan na kung susundin at pagsisilbihan mo ang iyong mga magulang, mapagpasalamat at mapagpakumbaba ka sa kanila, ikaw ay papasok sa Paraiso. Subalit kung nilabag mo sila, binigyan mo sila ng sama ng loob, o lapastangan ka sa kanila, ikaw ay itatapon sa Impiyrno.

Sa ganitong paraan, ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan) ay nagturo sa mga tao tungkol sa kagandahang-loob sa mga magulang.

Sa banal na Qur'an, sabi ni Allah, **“At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya. At na ikaw ay maging masunurin sa iyong mga magulang. Kung isa sa kanila o pareho sila ay dumating na sa katandaan sa iyong buhay, huwag magsalita sa kanila ng walang-paggalang, ni huwag mo silang sisigawan ngunit pagsabihan mo sila ng may karangalan.”**

Ang kahulugan nito ay kailangan na igalang ang mga magulang, karagdagan sa huwag silang pagalitan, huwag silang bibigyan ng suliranin, huwag silang sasaktan, hindi ipinapahintulot sa sinuman na gumawa ng kahit anuman na ayaw nila. Kahit na sila ay magaspang magsalita o sa paraan na hindi magustuhan ng iba, kailangan na maging matiyaga at kailangang huwag magalit sa kanila. Kailangang



magsumikap na maging maligaya sila at kailangang hindi sila kailanman magalit dahil sa pag-uugali ng iba.

Minsan si Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi: **“Ang kasiyahan ng Allah ay naaayon sa kasiyahan ng ama at ang hindi kasiyahan ng Allah ay naaayon sa hindi kasiyahan ng ama.”**


Ito ay nangangahulugan na kung sinunod mo ang iyong ama at nasiyahan siya, si Allah ay nalulugod sa iyo, ngunit kung siya ay nagalit dahil sa iyo, si Allah ay galit din sa iyo.

Si Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay nag-atas sa atin na maglingkod sa mga magulang ng may pagmamahal at pangangalaga. Sa mga nagsilbi sa kanilang mga magulang sa pinakamagandang paraan, ay makakamit ang tagumpay pareho sa mundong ito at sa susunod. Ang pagsilbi sa mga magulang ay magpaparami ng biyaya sa gulang at sa kayamanan.

Minsan si Omar Ibn Al-Khattab (kalugdan siya ni Allah) ay sinabi sa kanyang mga kaibigan: **“Mangusap sa iyong ina ng may kabaitan. Pangalagaan ang kanyang pagkain at inumin. Pagkatapos, tiyak na kayo ay makakapasok sa Paraiso.”**

Minsan si Abu Hurayrah (kalugdan siya ni Allah) ay pinayuhan ng isang tao, **“Huwag mong tawagin ang iyong ama sa kanyang pangalan. Huwag kang maglakad sa harapan niya ni umupo bago siya.”**

Katulad nito, naiulat sa maraming salaysay na





makitungo sa mga magulang sa magalang na paraan.

Si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi na ang pinakamahusay na gawain ay ang pagmamahal sa mga magulang. Karagdagang sinabi niya na kung ang matutuwid na mga bata ay aalagaan ang kanilang mga magulang ng may pagmamahal, makakamit nila ang gantimpala ng Hajj Mabrrur (katanggap-tanggap na Hajj na walang kamalian) mula kay Allah.

Sabi ni Allah sa banal na Quran: **“Tinanong ka kung ano ang kanilang gugugulin sa iba. Sabihin mo: ‘Anuman sa inyong kayamanan na gagastusin ay kailangang (mauna) muna ang para sa mga magulang, at para sa malalapit na mga kamag-anak, at ang mga ulila, at ang mga dukha, at ang mga manlalakbay; at anumang kabutihan na gawin mo, katotohanan, ang Diyos ay may ganap na kaalaman nito.”**

May isang kuwento na nangyari sa panahon ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan), na sa pagbabasa nito ay maaaring magbigay sa iyo ng pagkatakot. Ang pangyayari ay ang sumusunod:

Minsan ay dumating ang isang lalaki kay Propeta (sumakanya ang kapayapaan) at sinabi niya: **“O Mensahero ng Allah, ako ay may kayamanan at mga anak, at ang aking ama ay gustong kunin ang lahat ng aking kayamanan.”** Ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan) ay nagsabi, **“Ikaw at ang iyong kayamanan ay para sa iyong ama. Ang iyong mga anak ay kabilang sa iyong mga**




pinakamahusay na yaman, kaya kumuha ka mula sa yaman ng iyong mga anak.”

Ang Hadith (kasabihan) na ito ay ipinapaalam sa atin na anumang pag-aari ng anak, ang lahat ay pag-aari ng ating mga magulang, dahil ang lakas at kakayahan ng tao ay dahil sa mga paghihirap na naranasan ng kanyang mga magulang sa pagpapalaki sa kanya, ibig sabihin, siya ay mula sa kanyang mga magulang. Siya ay dapat na mamuhay ayon sa kanilang kagustuhan at siya ay dapat na gumugol sa kanyang kayamanan para sa kanyang mga magulang. Kung kukunin sa kanya ang anuman ay hindi siya dapat tumutol sa kanila.

Si Allah ay itinuro sa atin ang isang espesyal na panalangin para sa mga magulang sa banal na Qur'an. Ito ay ang sumusunod: **“O Aking Panginoon! Ipagkaloob Mo sa kanila ang Iyong Pagkahabag tulad ng pagkahabag nila sa pagpapalaki sa akin noong ako ay bata pa.”**

Ang paghihirap na dinaranas ng ina para sa kanyang mga anak ay dakila. Kaya, si Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay ipinahayag na ang ina ang may mas karapatan sa pagsisilbi mula sa mga anak kaysa sa ama.

May lalaki na nagtanong sa Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan): **“Sino sa mga tao ang pinaka-karapat-dapat ng mabuting pakikitungo mula sa aking mga kamay?”** Siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Ang iyong ina.” Siya ay nagtanong muli: “At sino?” Sinabi niya: “Muli ito ay ang iyong ina.” Sinabi niya: **“At sino?”** Siya (ang





Propeta) ay nagsabi: **“Muli, ito ay ang iyong ina.”**
Sinabi niya: **“At sino?”** sa ibabaw nito sinabi niya:
“At ito ay ang iyong ama.”

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi rin: **“Ang Paraiso ay nasa ilalim ng mga paanan ng iyong ina.”** Ito ay nangangahulugan na ang mga nagsilbi sa kanilang mga ina ng buong puso, ng may pagmamahal at gumawa ng kabutihan at nasiyahan sila, sila ay papasok sa Paraiso. Sa ganitong paraan, ang Islam ay ipinaalam sa atin ang tungkol sa pagsisilbi sa isang ina.

Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagturo sa mga tao na alinman o parehas sa mga magulang ang bawian ng buhay, dapat na manalangin para sa kanila, **“O Panginoon! Patawarin mo ako at ang aking mga magulang alang-alang sa kanilang pag-aalaga sa akin noong ako ay bata pa.”**

Si Allah ay nagpataw ng tungkulin sa bawat isa na kumilos sa kanilang mga magulang sa pinakamahusay na paraan, maging masunurin sa kanila, pagsilbihan sila at gawin ang kanilang pamumuhay na maalwan. Kasama sa mga ito, ipinaalam sa atin ni Allah kapag ang mga magulang ay pipilitin ang anak na gumawa ng ipinagbabawal ng Allah, ang anak ay hindi dapat sumunod sa mga magulang sa bagay na ito ngunit kailangang niyang lumabag sa kanila sa banayad na paraan. Kung may maghikayat patungo sa kamalian, papaanong siya ay susundin? Ngunit kung sila ay magtawag patungo sa kawastuhan, dapat na siya ay yumuko bilang tanda ng pagsuko.



Pinakamamahal kong Ina, bago ko sinimulan ang sulat na ito ay ipinangako ko na anuman ang gawin ko, ito ay aking isasagawa ayon sa kagustuhan ng Allah at ng Kanyang Mensahero (sumakanya nawa ang kapayapaan). Samakatuwid, ang aking pakikitungo sa iyo ay ayon sa kautusan ng Allah at ng Kanyang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan).

Ipinaalam ko sa iyo ang lahat ng katuruan ng Islam tungkol sa mga magulang. Mula ngayon, Insha Allah (pahintulot ng Allah), ako ay magsusumikap na isagawa ang lahat na aking nabanggit sa sulat na ito.

Parang awa mo na, basahin mo ang lahat na aking inilahad para sa iyo at subukan mong unawain ang mga ito. Kung naniniwala ka na ang iyong anak ay matapat at hindi nagsisinungaling; saka mo lang malalaman na ang iyong mga saloobin, na ang mga Imam ay inilihis ang iyong anak mula sa Tamang Landas, ay sa katunayan ay kamalian. Sa halip, ang mga Imam ay tinulungan ang iyong anak na maging mabait at sinubukan nilang gawin siyang bahagi ng iyong puso. Siya ay hindi nila iginabay sa lihis na landas, ngunit sa halip ay iginabay siya sa Tamang Landas. Ang sinabi ng mga Guru na ang iyong anak ay hindi kailanman magiging iyo ay kasinungalingan at walang batayan.

O mahal kong ina! Ako ay iyong anak. Maniwala ka! Ako ay iyong-iyong ng walang hanggan. Parang awa mo na, itapon mo ang iyong mga maling pananaw mula sa iyong puso at kaisipan.

Ipinaalam ko sa iyo noon na ang Islam ay ang tanging





tunay na relihiyon. Ito ang relihiyon na pinili ng Allah, ang Pinakamataas. Dito, matatagpuan mo ang mga kautusan sa lahat ng kalagayan sa buhay. Upang malaman ang kawastuhan ng isang relihiyon, ay kinakailangang suriin ang mga utos nito sa anumang larangan ng buhay. Inilahad ko ang mga kautusan tungkol sa mga magulang, at mula dito ay malalaman mo ang katotohanan ng Islam.

Matatagpuan mo ba ang mga uri ng mga batas at mga alituntuning ito sa alinmang relihiyon? Naniniwala ako na darating ka sa konklusyon na walang umiiral na relihiyon na kasing sistematiko at kasing perpekto tulad ng Islam. Ang mga inilarawang tagubilin at mga ginintuang alituntunin na ibinigay ng relihiyong ito ay hindi matatagpuan sa alinmang dako.

O Inay! Alam ko na dumanas ka ng maraming paghihirap at pagmamalasakit para sa aking paglaki at kapakanan. Dinala mo ako sa iyong sinapupunan ng ilang buwan at ang mga sakit na dinanas mo nang ako ay dumating sa mundong ito ay lampas sa paglalarawan. Bago pa ito, ako ay isa lamang bukol ng laman; ngunit pinanatili mo ang bukol na iyan kasama ang iyong pag-aalala at pag-aalaga hanggang sa ako ay lumaki. At nang ako ay lumaki na, inayos mo ang lahat ng maaaring kaluwagan para sa aking pag-aaral (kaalaman). Pinangalagaan mo ang aking pag-aaral at ang aking pag-uugali sa pinakamahusay na paraan.

At kapag ako ay nagkakasakit, ikaw ang nagdurusa para sa akin, dahil wala kang tulog, wala kang pahinga, wala kang pagkain at wala kang oras para sa sarili mo




at pinagsilbihan mo ako hanggang sa ako ay maging malusog muli. Nagluto ka ng masasarap na mga ulam para sa akin, at paminsan-minsan ikaw ay nag-aayuno dahil sa akin.

Sapat na sa iyo ang lumang gusot-gusot na damit ngunit para sa akin ibinigay mo ang pinakamagandang kasuutan. Ibinuhos mo sa akin ang hindi mabilang na mga biyaya at hindi masukat na pagmamahal. Maraming mga bagay-bagay na maaari kong ipahayag ngunit marami pang mga bagay na hindi maaaring ipahayag ng mga salita. Hindi ko kayang bilangin ang lahat ng mga ito ngunit ako ay nagka-utang na loob sa iyo para sa lahat ng iyong pangangalaga.

O aking Ina, kahit na subukan kong pasalamatán kita para sa lahat na iyong nagawa para sa akin, hindi kita mapasalamatán ng sapat. Sa kadahilanang ito, si Allah ay nagtakda sa atin na magbigay ng espesyal na pangangalaga at karangalan sa ating ina.

Mahal kong Ina, ibinigay mo sa akin ang lahat ng mga kaalwanan ng buhay. Hindi ko alam kung mapagsisilbihan kita ng sapat sa mundong ito para sa lahat ng iyong pagmamahal at kabaitan na ibinuhos mo sa akin. Subalit ang aking maalab na pagnanais ay upang mabigyan kita ng walang-hanggang kaalwanan sa Kabilang Buhay. Nais kong ipakita sa iyo ang landas ng walang-katapusang kapayapaan, ibig sabihin ito ay ang Islam. Kung tatahakin mo ang landas na ito, ay makakamtan mo ang tagumpay sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay. Inaasam ko para sa iyo na tanggapin mo ang relihiyong ito at sundin mo ang kanyang mga patakaran at mga alituntunin. Sinubukan ko ng





maraming ulit na ipahayag ko ang aking damdamin at anyayahan kita patungo sa Matuwid na Landas ngunit kailanman ay hindi mo inalintana ang aking pagsusumamo.

Parang awa mo na, **o aking Ina**, dapat mong malaman na ang pagtawag ko sa iyo ay hindi para sa anumang pansariling gantimpala. Noon pa man ay alam mo na hindi ako sakim sa alinmang karangyaan ng mundong ito ngunit nais kong iligtas ang aking ina mula sa kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno.

O aking Ina! Ang landas na iyong tinatahak ay igagabay ka sa nagliliyab na apoy at natatakot ako na wala kang kaalaman dito.

Ito ay para bagang naglalakbay ka sa tren at darating ka sa tulay na kung saan ay naalis ang riles nito. Alam ko na sa halip na maabot ang patutunguhan, ang tren at ang lahat ng mga pasahero nito ay mahuhulog at mapupuksa. Ako ay tulad ng isang tao na may magarang kotse na pasasakayin ko ang sinuman na makarating sa nilalayong patutunguhan sa pinakamaayos na paraan. Ako ay titigil sa bawat istasyon at tatawagin kitang samahan ako.

O aking Ina! Aking pinakamamahal na Ina! Pinapayuhan kita na bumaba mula sa tren at sumakay sa aking kotse para sa ligtas na paglalakbay ngunit patuloy mo akong tinatanggihan. Pinapayuhan kita na iwanan ang tren bago ito umabot sa mga mapanganib na tulay. Halika sa aking kotse at nang iyong marating ang iyong patutunguhan ng matiwasay. Ngunit kung marating mo ang tulay, sa panahon na iyon ay huling-



huli na ang lahat at magkakaroon ng aksidente at pagkatapos ay manghihinayang ka sa hindi mo pakikinig sa akin.

Kaya, o Inay, halika at samahan mo ako sa sasakyan ng Islam upang sa gayon ang iyong paglalakbay ay nasa kaligtasan at kapayapaan.

Iniharap ko sa iyo ang aking taos-pusong damdamin at inaasam ko na ang aking mga salita ay maitanim sa kaibuturan ng iyong puso at inaasam ko na mapili mo ang Tamang Landas. Inaasam ko na pagkatapos ng kamatayan, sa Araw ng Paghuhukom, ay makayanan mong humarap sa Makapangyarihang Allah ng walang anumang pag-aatubili. At sana ay makamit mo ang Kanyang Pagkahabag at Kabaitan. Sana ang aking mga panalangin ay sagutin! Amin!

Umaasa ako na magkaroon ka sana ng pagkiling sa aking mga salita, patawarin mo ang aking mga pagkakamali at sana sagutin mo ang aking sulat.

**Ang iyong minamahal,
Ghazi Naseem**



More Others

